

21. Ama, ipinapanalangin namin ang mga nawalan ng trabaho dahil sa pandemic. Ang kahirapan ay nagdulot ng hindi pagkakaunawaan sa pamilya at ang iba ay humantong sa karahasan sa loob ng tahanan. (Ps.140:12)

22. Mapagmahal na Ama, tugunan Mo ang mga pangangailangan ispirituwal at emosyonal ng mga balo na Rwandan na nagpapalaki ng mga anak na mag-isa. Bigyan Mo sila ng kalakasan at pagtitiis. (Isa. 40:29)

23. Ama, pinupuri Ka namin dahil ang mga tagapakinig sa Kenya ay masigasig sa pakikinig ng programang TWR Women of Hope. Hiling namin na magtatag ka ng mga magsusuporta sa pinansiyal na pangangailangan para dito. (Ps.107:9)

24. Panginoon, kalooban Mo ng karunungan at tapang si Samai Suluhu Hassan, presidente ng Tanzania, sa kanyang pangunguna sa bansa. (1 Tim. 2:1-2)

25. Salamat Panginoon sa aming TWR Women of Hope *Healing Voices* na drama sa radyo sa komunidad ng Ari sa Ethiopia. Maraming buhay ang nahipo at nabuo ang mga wasak na pamilya. (1 Thess. 5:11)

26. Ama, sana ay bigyan mo ng trabaho ang mga kababaihan sa Uganda. Sila na nahihirapan para ibigay ang mga pangunahing pangangailangan ng kanilang pamilya. (James 1:4)

27. Salamat Ama, na ang grupo ng mga nananalangin sa Rwanda ay dumarami. Pinupuri Ka namin sa pagtaguyod mo sa mga kababaihan na nanalangin para sa kanilang bansa. (Ps.107:1)

28. Ang hindi matatag na sitwasyon ng internet sa Ethiopia ay lalong nagpalala sa problema ng paghihiwalay mula sa Covid, kakulangan ng trabaho at hadlang sa komunikasyon. Panginoon, dalhin Mo ang iyong kapayapaan sa mga nasasaktan. (Matt. 6:25a)

29. Ama, bigyan Mo ng kaghinhawaan ang mga apektado ng fistula sa silangang bahagi ng Africa. Dalhin Mo sila sa maayos na pangangalagang medikal at mga kaibigan na sumusuporta at makapaghihikayat sa kanila. (Psalm 121:1-2)

30. Makapangyarihang Diyos, idinadalangin namin lahat ng bansa sa Silangang Africa na nahaharap sa kahirapan, kakulangan ng edukasyon, kawalan ng trabaho, at krimen. Yakapin mo sila ng iyong lakas at kapangyarihan. (1 Sam. 2:8)

후원안내

국민은행 851-01-0003-724 북방선교방송

최초 입금 후 사무실로 연락 주시기 바랍니다



## Women of Hope Prayer Calendar

Ang buwanang Women of Hope prayer Calendar ay sinasalin sa 100 na linguahe at ipinapanalangin ng higit 65,000 na mga tao



2022. 06.

### Panalangin para sa Silangang Africa

Sa kabila ng matataas na bahagi ng Ethiopia, sa gawing Hilaga at Silangang Africa ay nakahimlay ang wasak na Sudan at Somalia. Matatagpuan sa gitna nito ang mayabong na lawa at nakapalibot naman ang matataas na bahagi sa Bundok ng Kenya at Kilimanharo. Ang pangunahing kalakal sa Silangang Africa ay mga produktong pang-agrikultura. Ang mga kababaihan ay gumugugol ng maraming oras sa pagtatanim at pagtitinda ng mga ani upang masuportahan ang kanilang pamilya. Ipanalangin natin ang buhay ng mga kababaihang ito sa Silangang Africa na nawa, sila ay dumirekta patungo sa Diyos.

### TWR Korea 북방선교방송

서울특별시 관악구 양녕로 15, 월드빌딩 6층  
전화 (02)886-5671 / 이메일 phkorea@twr.or.kr

Nawa'y ipanalangin po natin...

1. Panginoon, ang iyong ebanghelyo sana ay hindi lamang maipagkasundo ang mga Rwandan sa Iyo, ngunit magdala din ng pagkakasundo sa pagitan ng mga naglalabang tribo. Dalhin Mo ang iyong pagpapagaling sa kanilang mga puso at damdamin at pagkakaisa sa mga grupo ng mga tao. (Col.1:20)

2. Makapangyarihang Diyos, dalangin namin na mamagitan Ka laban sa gutom at kahirapan na resulta ng pagsira ng mga balang sa napakaraming pananim sa buong Ethiopia. (Ps.145:15-16)

3. Panginoon, bigyan Mo ng lakas ng loob ang mga tao sa rehiyon ng Mara ng Tanzania na nangakong maging boses ng pagbabago laban sa *genital mutilation* sa mga kababaihan. Mabigyan sana sila ng pabor ng mga taong maaaring gumawa ng pagbabago sa kanilang kultura.(Josh.1:9)

4. Panginoon, hinihiling namin na bigyan Mo ng bagong lokasyon ang isang simbahan sa Eritrea kung saan maaari Ka nilang sambahin at magkaroon ng epekto sa komunidad. (Phil. 4:19)

5. Hinihiling namin sa Iyo, makapangyaring Diyos, na bigyan Mo ang mga mahihirap na kababaihan sa mga bansa sa Africa ng mga taong tutulong sa kanila upang tutuan silang maging malikhain. Bigyan Mo sila ng mga bagong pagkakataon upang kanilang masuportahan ang kanilang sarili at ang kanilang mga pamilya. (2 Cor. 9:8)

6. Ipinapanalangin namin Panginoon ang proteksiyon para sa aming grupo sa Somali sa kanilang pakikipag-ugnayan sa mga tagapakinig sa pamamagitan ng telepono, Facebook at mga personal na pagbisita (Ps. 32:7)

7. Ama, ipinapanalangin namin ang mga kababaihan sa Burundi na nagsusumikap na suportahan ang kanilang pamilya matapos silang iwanan ng kanilang asaw. Magbigay Ka nawa ng mga trabaho at emosyonal na suporta sa kanila. (James 1:17)

8. Diyos na makapangyarihan, idinadalangin namin ang simbahan sa Zanzibar na maging matatag sa pananampalataya at maging matiyaga sa pagbabahagi ng ebanghelyo ng walang takot. (1 Pet.1:9)

9. Makapangyarihang Diyos, alam Mo ang kawalan ng trabaho, ang tagtuyot at ang kakulangan ng likas na yaman sa Djibouti. Dalangin namin ang katiyakan ng Iyong pagmamahal sa mga tao sapagkat iniaasa nila sa Iyo ang lahat. (Ps. 23.1)

Address: P.O.Box 332 Baguio City 2600.  
Website: [www.twrphilippines.com](http://www.twrphilippines.com)  
Phone # (074)424 1263/ 0999 774 9660  
Facebook: TWR Phils

10. Pinupuri Ka namin Panginoon, para sa mga grupo na nananalangin sa Kenya na masigasig na nagpapatuloy sa kanilang online na pagtitipon sa kabila ng mga *lockdowns* kumakailan. (Heb. 10:24)

11. Maraming mga kababaihan sa South Sudan ang biktima ng pag-aatakeng sekswal. Bigyan Mo nawa sila ng emosyonal na kagalingan at mga pangangailangang medikal. (Ps. 147:3)

12. Marami ang nagdurusa dahil sa fistula dala ng maagang pag-aasawa at pagbubutis ng mga dalagita sa Uganda. Panginoon, dalangin namin na maging mas madali sa kanila ang pagpapagamot at mabigyan ng espirtual na kalakasan sa kanilang damdamin. (Ps. 103:3)

13. Ipininapanalangin namin ang kaligtasan ng mga mananampalataya na binubuo ng maliit na grupo sa mga bansang kontrolado ng ibang dominateng relihiyon. Panginoon, ibigay Mo ang Iyong kapayapaan at proteksiyon sa kanila. (Isa. 26:3)

14. Panginoon, nawa ay hikayatin Mo ang simbahan na tumulong na mabigyan ng kanlungan ang maraming Rwandan na kababaihan na may mga asawang lasenggo. (Matt. 25:44-45)

15. Panginoon, dalangin namin para sa Ethiopia na maibalik ang kapayapaan at pati na rin ang paglutas ng mga alitan dito. Nawa ay tanggapin ng kanilang pamumuno ang Iyong karunungan at nawa ay magkaroon sila ng hangarin na gawin ang tama at makatarungan sa Iyong paningin. (James 1:5)

16. Ama, dalangin namin ang kaginhawaan para sa mga *Coordinators* sa Tanzania sa kanilang walang kapagurang paggawa para hikayatin sa panalangin ang mga grupo ng mga kababaihan. (Heb. 10:24-25)

17. Ama, ngayong taon ay napakarami po ang nawalan ng mahal sa buhay dahil sa Covid-19. Makatagpo sana ng pag-asa, ginhawa at kapayapaan sa Iyong presensiya ang lahat ng mga nalulumbay. (2 Cor 1:3)

18. Ama, bigyan Mo po ang mga batang kababaihan sa South Sudan ng tunay na solusyon sapagkat sila ay ibinenta upang ipakasal ng kanilang pamilya dahil sa kahirapan kung kaya naman maging ang edukasyon ay naipagkait sa kanila. (Matt. 7:7)

19. Panginoon, sapagkat hindi ligtas para sa mga local na mananampalataya ang maging saksi para sa Iyo, dalangin namin na magtalaga Ka ng mga misyonaryo na aabot sa mga taga Djibouti na hindi pa mananampalataya. (Col. 4:5-6)

20. Salamat Panginoon sa mga grupo ng mga nananalangin sa Burundi na nagpapahintulot sa mga kababaihan na hayagang ibahagi ang kanilang mga kagalakan at kalungkutan at pasanin ang bigatin ng isa't-isa. (Gal. 6:2)